



California's protection & advocacy system

Mga bagong Tuntunin para sa IHSS: Pag-aalis ng Paghahati Ayon sa Dapat Tanggapin (Proration) ng mga Serbisyo ng Mapagtanggol na Pangangasiwa (Protected Supervision Services)

Pub#7163.08 Tagalog, Disyembre 2020

Ipinapaliwanag ng publikasyon na ito ang pag-aalis ng paghahati ayon sa dapat tanggapin ng mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa ng In-Home Supportive Services (IHSS) bilang isang resulta ng pagtataguyod ng Disability Rights California.

Pag-aalis ng Paghahati Ayon sa Dapat Tanggapin ng Mapagtanggol na Pangangasiwa

Ang mapagtanggol na pangangasiwa ay isang serbisyo ng IHSS para sa mga tao na, sanhi sa isang kapinsalaan hinggil sa pag-iisip o karamdaman hinggil sa pag-iisp, ay kailangang maobserbahan nang 24 na oras kada araw para protektahan sila sa mga pinsala, panganib o mga aksidente. Ang provider ng IHSS ay maaaring mabayaran para mag-observerba at magsubaybay ng may kapansanang bata o may sapat na gulang kapag maaaring manatiling ligtas ang tao sa bahay kung ibinibigay ang 24 na oras na pangangasiwa.¹ Bago sa Hulyo 1, 2020, kapag naninirahan ang dalawa o higit pang tumatanggap ng mapagtanggol na pangangasiwa sa parehong bahay, ang pangangailangan para sa mapagtanggol na pangangasiwa ay itinuturing na natugunan sa karaniwan at ang mga oras ay awtomatikong

¹ California Department of Social Services Manual of Policies and Procedures ("MPP") § 30-757.17.

hinahati ayon sa dapat tanggapin.² Simula Hulyo 1, 2020, ang mga oras ng mapagtanggol na pangangasiwa ng maramihang tumatanggap na naninirahan sa parehong bahay ay hindi na maaaring hatiin ayon sa dapat tanggapin.³

Pagbabago ng mga Serbisyo

Inuutusan ang mga county na itigil ang paghahati ayon sa dapat na tanggaping mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa ng IHSS sa lalong madaling panahon.⁴ Para sa mga umiiral na kaso, dapat itigil ng mga county ang paghahati ayon sa dapat tanggaping mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa nang hindi bababa sa susunod na muling pagtatasa ng iskedyul.⁵ Kung ang mga tumatanggap (o kanilang awtorisadong kinatawan) ay humiling na maitigil ang paghahati ayon sa dapat tanggapin ng mapagtanggol na pangangasiwa sa kanilang kaso, dapat kaagad gawin ng mga county ito.⁶

Ang mga tumatanggap ng mapagtanggol na pangangasiwa ng IHSS o ng kanilang awtorisadong kinatawan ay maaaring kontakin ang county kung ang kanilang mga serbisyo ay hinahati ayon sa dapat tanggapin pa rin. Ang direktoryo ng mga tanggapan ng social services ng county ay maaaring matagpuan dito: <https://www.cdss.ca.gov/county-offices>

Mga Limitasyon ng Workweek

Ang pag-aalis sa paghahati ayon sa dapat tamggapin ng mapagtanggol na pangangasiwa ay maaaring magresulta sa dinagdang mga oras ng IHSS. May mga limitasyon sa dami ng mga oras na maaaring trabahuhin ng provider ng IHSS kada linggo. Ang provider na nagtatrabaho lamang

² MPP § 30-763.331; All-County Letter No. 20-111 (“ACL 20-111”), available sa <https://www.cdss.ca.gov/Portals/9/Additional-Resources/Letters-and-Notices/ACLs/2020/20-111.pdf>

³ ACL 20-111 at 1.

⁴ ACL 20-111 at 2.

⁵ ACL 20-111 at 2.

⁶ ACL 20-111 at 2.

para sa isang tumatanggap ay hindi maaaring magtrabaho nang higit sa 70 oras at 45 minuto kada linggo.⁷ Ang provider na nagtatrabaho para sa dalawa o higit pang tumatanggap ay hindi maaaring magtrabaho nang higit sa 66 oras kada linggo.⁸ Sa mga sambahayan na may maramihang tumatanggap ng mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa, maaaring kailanganin ng karagdagang mga provider ng pangangalaga para sa nadagdagang mga oras.

Ang mga provider ng IHSS na natutugunan ang ilang kinakailangan ay maaaring mag-apply para sa isang eksempsyon ng workweek, na pinapayagan silang matrabaho nang marami pang oras. Nang may eksempsyon, ang mga provider ay maaaring magtrabaho nang hanggang 90 oras kada linggo, na hindi lalampas nang 360 oras kada buwan.⁹ Higit pang impormasyon tungkol sa mga eksempsyon ng workweek para sa mga provider ng IHSS ay maaaring matagpuan dito:

<https://www.disabilityrightsca.org/publications/recent-changes-to-in-home-supportive-services-ihss-and-waiver-personal-care-services>.

Mga Retroactive na Benepisyo

Ang mga tumatanggap ng mga serbisyo ng mapagtanggol na pangangasiwa ng IHSS kung saan hinati ayon sa dapat tanggapin ang kanilang mga oras ay maaaring tumanggap ng kabayaran ng mga retroactive na benepisyo sa sandaling maitama ang kanilang mga oras para sa mga serbisyonang naibigay pagkatapos ng Hunyo 1, 2020. Ang pamamaraan ng kabayaran para sa mga reteroactive na benepisyo ay maaaring mag-iba-iba ayon sa county. Ang ilang county ay maaaring mag-isyu ng tseke nang direkta sa tumatanggap para sa mga karagdagang oras na ito. Ang ibang county ay maaaring mag-isyu ng mga karagdagang timesheet para sa mga provider. Maaaring humiling ang tumatanggap sa kanilang county kung mas gugustuhin nilang mapunta nang direkta ang kabayaran sa kanilang provider.

Ang mga tumatanggap ng IHSS na tumatanggap ng mga benepisyo ng pamahalaan at nag-isyu ng retroactive na tseke ay maaaring kailanganing

⁷ Welf. & Inst. Code §§ 12300.4, 12301.1.

⁸ Welf. & Inst. Code §§ 12300.4, 12301.1

⁹ All-County Letter No. 16-07, (“ACL 16-07”), available sa <http://www.cdss.ca.gov/lettersnotices/entres/getinfo/acl/2016/16-07.pdf>.

iulat ang kabayaran sa ahensyang namamahala sa kanilang mga benepisyong pamahalaan. Ang mga tumatanggap ng Medi-Cal ay dapat iulat ang kabayaran sa departamento ng kapakanan ng county sa loob nang 10 araw pagkatapos nitong matanggap.¹⁰ Ang mga tumatanggap ng Supplemental Security Income (SSI) ay dapat iulat ang kabayaran sa Social Security Administration sa lalong madaling panahon na matanggap ito, ngunit hindi lalampas sa ika-10 araw ng buwan kasunod ng buwan ng kabayaran ay natanggap.¹¹

Para mag-ulat ng lump sum na kabayaran para sa mga retroactive na benepisyong IHSS, dapat magpadala ang mga tumatanggap ng sulat sa kanilang tanggapan ng Medi-Cal ng County (at sa tanggapan ng SSA kung makatatanggap sila ng SSI) na ipinapaliwanag:

- kung sino ang tumanggap ng kabayaran at kung magkano
- ang utang na pera para sa retroactive na mga suweldo ng provider ng IHSS, binayaran alinsunod sa ACL 20-111
- sinong provider ang binayarang pera
- bakit hindi kasali ang kabayaran (kung naaangkop), tulad ng:

Mga kabayaran ng In-Home Supportive Services (gawaing-bahay, katulong, maybahay) ay mga medikal o social services ay hindi mga kinita kapag direktang binayaran sa isang karapat-dapat na indibidwal para magbayad para sa mga serbisyo (POMS. SI 00815.050)). Ang pera ay hindi rin kita o isang mapagkukunan dahil ito'y muling-kabayaran ng isang utang ng mga serbisyonibinigay na ("Ang perang iyong hiniram...ay hindi kita." 20 C.F.R. § 416.1103(f)).

Karagdagang impormasyon tungkol sa mga kabayarang lump sum at karapat-dapat sa Medi-Cal ay maaaring matagpuan dito:

<https://www.disabilityrightsca.org/publications/lump-sum-payments-and-medi-cal-eligibility>

Ang impormasyon tungkol sa mga kabayarang lump sum at pagkanarapat sa Supplemental Security Income (SSI) ay maaaring matagpuan dito: <https://www.disabilityrightsca.org/publications/lump-sum-payments-and-ssi-eligibility>

¹⁰ Welf. & Inst. Code 14005.37(h); 22 C.C.R § 50185(a)(4)

¹¹ 20 C.F.R § 416.714(a)

Para mahanap ang iyong lokal na tanggapan ng Medi-Cal, mangyaring bisitahin ang: <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>

Para mahanap ang iyong lokal na tanggapan ng Social Security Administration, mangyaring bisitahin ang: <https://www.ssa.gov/locator/>

Mangyaring kontakin ang DRC sa (800) 776-5746 kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa pag-aalis ng paghahati ayon sa dapat tanggapin ng mapagtanggol na pangangasiwa ng IHSS.